
	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-0010
	Title	Payment of Premium Contributions through the Online Payment Facility of the Electronic Premium Remittance System (EPRS) (Revision 1)

Tanong	Sagot
1. Sino-sino ang sakop ng Circular na ito?	Sakop nito ang lahat ng employers sa pribado o pampublikong sector.
2. Ano ang layunin ng Circular na ito?	<p>Layunin ng Circular na ito na mapabilis ang pagtanggap ng bayad at awtomatikong pag-post ng kontribusyon ng mga employer sa PhilHealth gamit ang online facility ng Electronic Premium Remittance System (EPRS).</p> <p>Naglalayon din itong maiwasan ang pagdami ng mga dishonored na transaksyon o tumalbog na tseke sa PhilHealth sa pamamagitan ng paglilimita ng Over-the-Counter Payment. Kaugnay nito, tanging Cash o Manager's Check lamang ang tatanggapin sa Over-the-Counter na transaksyon sa mga piling pagkakataon.</p>
3. Kailan magiging epektibo ang Circular na ito?	Ang Circular na ito ay magiging epektibo labinlimang (15) araw pagkatapos na ito ay mailathala sa mga pangunahing pahayagan sa buong bansa.
4. Ano-ano ang mga bankong may interlink sa EPRS?	Ang kompletong listahan ng mga banko at digital wallets na may interlink sa EPRS ay makikita sa www.philhealth.gov.ph .
5. Sa anong mga pagkakataon maaaring magbayad Over-the Counter?	<p>Ang Over-the-Counter na transaksyon sa PhilHealth Office ay pinahihintulutan sa mga sumusunod na pagkakataon:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. System downtime lalo na kapag deadline; 2. Karagdagang kontribusyon mula sa pampublikong ahensya dahil sa salary differential o salary increment gamit ang List of Due and Demandable Accounts Payable with Advice to Debit Account (LDDAP-ADA ayon sa Department of Budget and Management Circular Letter No.2013-16; 3. Mga employer na may mga bagong empleyado

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-0010
	Title	Payment of Premium Contributions through the Online Payment Facility of the Electronic Premium Remittance System (EPRS) (Revision 1)

	<p>at mga employer na napatunayang may kakulangang bayad na kontribusyong sa Philhealth at nakatanggap ng Billing Statement;</p> <ol style="list-style-type: none"> 4. Employer na may pending na request upang ma-exempt sa pagbabayad Online; 5. Employer na nakatanggap ng Notice of Denial at may tatlong (30) araw pa para mag-comply sa online na pagbabayad; 6. Sa mga panahong may fortuitous event. <p>Lahat ng over-the-counter na bayad ay dapat cash basis o Manager's check lamang.</p>
--	---